

1

“That feeling is called *saudade*, Cassandra del Castillo. And I’m telling you, delikado ’yan kaya tanggalin mo na sa kukote mo habang maaga pa. Makakagulo lang iyan. Alam mo namang ikakasal ka na, di ba?” sermon ng Ate Julia ni Cassie.

She mentally took note of the word *saudade*.

Sinadya niya ang kapatid sa bahay sa pag-asang makakahanap siya ng kakampi o kahit hindi siya nito kampihan, basta may makisimpatya lang sa nararamdaman niyang dilemma. Wala siyang ibang mapagsabihan tungkol sa problema niya. Hindi puwede sa mommy niya dahil tiyak na ikakagalit ng ginang kapag nalamang gusto na niyang umurong sa kasal. Hindi rin puwede sa mga kaibigan niya dahil ayaw niyang mapagtawanan.

Bagaman nagkakaunawaan sila ng fiancé niyang si Jacob na kapwa lang sila napipilitan sa kasal, hindi naman siya ganoon ka-inconsiderate para sabihin dito ang totoong nararamdaman. Alam niyang gumagawa ng paraan si Jacob para kahit paano ay maging komportable silang dalawa sa kanilang relasyon.

“Oo, bago matapos ang taon na ito.”

“Malinaw naman pala, di tigilan na ang pag-emote kung gayon. Confuse ka lang, Cassie. Believe me, sa una lang mahirap. Kapag pareho na kayong nakapag-adjust, hindi mo na maisip na arranged marriage lang ang pinasok mo at eventually baka magpasalamat ka pa. Look at me...”

Marriage of convenience din ang dahilan ng pagpapakasal ni Julia. Inayos ng parents nila ang relasyon, sa parehong rason ng sa kanya—para sa ikatatatag ng negosyo at ng social standing ng kanilang pamilya.

Pero kung titingnan ay parang hindi sa ganoon nag-umpisa ang relasyon nina Julia at Rob. Paano’y sweet sa isa’t isa at mahahalata ninuman na may namamagitan pagmamahal sa bawat tinginan at gestures ng mga ito. Posibleng na-develop na lang ang *love* nang nagsasama na ang dalawa.

“Hindi naman one-size-fits-all ang arranged marriage. Iyon ngang pinsan natin, wala pang isang taon nakakasal nag-file na ng annulment case,” katwiran ni Cassie.

“Kukuha ka lang rin ng example, iyon pang negative. Nasa ‘will to survive’ lang ’yan. Iniisip

mo kasing hindi mo gusto, bigyan mo kaya muna ng chance. Teka... ano pa ba ang hinahanap mong katangian ng lalaki na wala kay Jacob?”

Para sa kanya, Jacob’s close to perfect—guwapo, mabait, gentleman, mayaman, understanding, protective—yes, but like a brother to his younger sister. Kaibigan din niya ito at napagsasabihan ng mga hang-ups sa buhay. Sa totoo lang, maraming babae ang naiinggit sa kanya dahil hindi niya pinaghirapang sungkitin ang elusive bachelor, kusa itong inilagay sa palad niya... ng kanilang mga magulang.

May sikreto sila ni Jacob. Mayroon silang prospect investor na liligawan. Kapag nakuha nila ang pledge investment nito, additional security iyon para maging stable na ang standing ng kumpanya ng pamilya, puwede na silang hindi magpakasal.

“Wala na maliban sa... love. Iyon naman ang pinaka-importanteng factor di ba, Ate?”

“Inaalagaan ang love para lumago. Hindi iyan parang kabute na bigla na lang susulpot. Rob and I started without love, alam mo ’yan. Nagtulong kaming mag-alaga hanggang sa umusbong ang pag-ibig.”

“Honest answer, Ate. Hindi ka nanghinayang na

hiniwalayan mo ang ex-boyfriend mo para kay Kuya Rob? Hindi mo ba naisip kahit minsan na balikan si ex?”

“Bakit ako manghihinayang? Rob is far better than my ex. When I married him, sa kanya ko na itinuon ang buong atensyon ko. Kaya ikaw...” Hinawakan siya nito sa pisngi para masiguradong nakikinig siya sa *mahalagang* sinasabi nito. “Si Jacob na lang dapat ang naglalaro sa isip at puso mo.” Tinapik pa nito ang tapat ng puso niya. “Delete some unnecessary memories to have more space for Jacob, okay?”

Kung puwede nga lang sanang gawin iyon, ginawa na ni Cassie noon pa. Ang totoo, paulit-ulit na niyang sinubukan ang virtual na pagbura sa ilang mga alaala pero bigo siya. The bitter-sweet memories not only lingered in her mind, they wouldn't stop haunting her.

Worse, she never wanted those memories to leave her.

I think I'm still in love with him.

“Mahal ko naman si Jacob, Ate, pero parang mas mahal ko si—”

“Stop! At sa palagay mo, mahal ka pa *rin* ng ex-boyfriend mo? Dear, listen to Ate,” sansala ni Julia

sa pagsasalita niya. “Don’t mistake romance for love. Ang romance nawawala as soon as kumalam na ang sikmura mo sa gutom. Ang tunay na pag-ibig, hindi. Bakit mo nga pala siya hiniwalayan noon?” Alam naman nito ang sagot sa itinanong. Gusto lang ipamukha sa kanya na confused siya.

Hindi siya nakaimik kaagad. Nakipaghiwalay si Cassie sa dating nobyo kahit mahal na mahal niya ito dahil sa takot na magutom sa piling nito. Ang sinabi sa kanya ng mga magulang noon ay bata pa raw siya para sa seryosong relasyon at kapag ipinagpatuloy niya ang ugnayan sa nobyo ay patitigilin na siya sa pag-aaral at hindi na susuportahan.

“I was an obedient daughter,” may pagsisising sagot ni Cassie kay Julia. Kung maibabalik lang niya ang kahapon, mas naging matapang sana siya nang sa ganoon ay naipaglaban niya ang pag-ibig. Totoo ang kasabihang *no guts no glory*. At wala siyang guts dati. Pero ngayon ay malakas na ang loob niya dahil kaya na niyang tumayo sa sariling paa. “Ate, may sarili na akong negosyo ngayon, hindi na ako magugutom.”

“At ikaw pa talaga ang bubuhay sa ex-boyfriend mo? Nababaliw ka na ba?” nakukunsuming tanong ni Julia. “Hindi kita makuha sa diplomatic talk, pag-usapan na lang natin ang realidad.” Biglang

sumeryoso ito sa pagsasalita. “May, obligasyon ka sa pamilya, Cassie. Kakayanin ba ng konsensya mo na mawala ang pinaghirapang ipundar ng grandparents natin? Cooperation mo lang naman ang kailangan, Cassie, iyon lang.”

Iyon lang? Yeah, right, just my life, future and happiness... iyon lang ang kailangan kong isakripisyo, wala nang iba.

Maiyak-iyak siya sa disappointment. Pakiramdam niya ay wala siyang kakampi sa mundo at ang lalong masakit, lalabas pa siyang kontrabida pag hindi siya nagsakripisyo.

Nagmamadali niyang inubos ang meriendang inihanda ng kapatid para sa kanya. Dapat hindi na lang siya nag-confide dito. Pinuntahan na lang sana niya si Jacob at nag-brainstorm na lang sila kung saan makakahanap ng investors na makakapagsalba sa *Amigos Real Brewery*. Mabuti pa sila ng fiancé niya, nagkakaintindihan sa maraming bagay.

Kung natuturuan lang sana ang puso kung sino ang dapat mahalín, wala sana akong problema ngayon.

Pagkagaling sa bahay ng kapatid ay derecho na si Cassie pauwi sa kanyang condo unit para

makapagpahinga. Hindi na muna siya bibisita sa mga branches ng kanyang negosyo, wala siya sa mood. At the age of twenty-seven, kamakailan lang siya pinayagan ng mga magulang na bumukod ng bahay, napilitan pa. Ang ginamit niyang argumento ay gusto muna niyang maranasan ang *freedom* bago man lang siya ikasal.

Nasa travel arrangement and reservation services industry si Cassie. Pito na ang sangay ng *VIP Pass* ticketing outlet na nakapuwesto sa mga malls sa Kamaynilaan. Kung hindi lang siya magiging busy sa paghahanda sa kasal, balak sana niyang magbukas ng branch sa mga key cities nationwide.

Naabutan pa niya sa condo unit ang kawaksi ng mommy niya. Dalawang beses sa isang linggo kung pumarito sa kanya si Maring para maglinis, mamalantsa at kuhanin ang marurumi niyang damit.

“Tumawag si Sir Jacob, Ma’am,” salubong ni Maring sa kanya. “Paano’y hindi ka daw makontak sa telepono mo.” Kinuha nito ang dala niyang portfolio at handbag.

Nag-off nga pala siya ng cell phone kaninang may meeting siya sa isang bagong kliyente. Nakipag-tie up siya sa isang international luxury cruise liner. Sa buong Pilipinas ay exclusive na sa *VIP Pass* ticketing

outlets lang puwedeng magpa-reserve ng tickets para makasakay sa luxury liner na maglalalayag sa Caribbean limang buwan mula ngayon.

“Ano’ng sinabi, Ate Maring?” Ibinagsak ni Cassie ang katawan sa couch, kinapa sa bulsa ng suot na slacks ang cell phone at binuhay iyon.

“Wala nang ibang bilin maliban sa tawagan ko daw siya kapag dumating ka na.”

“Sige, ako na lang ang tatawag. Tapusin mo na’ng ginagawa mo, Ate Maring, para hindi ka masyadong gabihin.”

Ano kaya ang sasabihin sa kanya ng nobyo? Magkikita naman sila bukas ng umaga. Bakit hindi pa ipinagpabukas? Siguro ay masyadong mahalaga ang sasabihin nito.

Pauwi pa lang si Jacob nang makausap niya. Humingi siya ng clue kung ano ang kanilang pag-uusapan.

“Surprise,” halatang excited na tugon nito. “Hintayin mo ako, I’ll drop by. Nag-dinner ka na ba?”

“Yep,” aniya, bagaman hindi pa siya naghahapunan. Wala siyang ganang kumain. Ang gusto lang niyang gawin ay matulog para mapahinga naman ang utak

niya. "See you then." At pagkatapos ay nakangiting idinugsong ang, "I love you, Jacob."

Hindi naman siya binigo ng kausap. Tinugon din nito ang sinabi niya.

"I love you, too, Cassie."

Hindi naman siguro masasabing plastic ang palitan nila ng *I love you*. They just meant it differently.

Halos dalawang taon na silang engaged ni Jacob. Noong una ay nagagamit nila ang delaying tactics, pero nang makahalata na yata ang mga magulang ay ang mga ito na mismo ang nag-set ng petsa ng kasal ngayong taong ding na ito.

Alam niyang may ibang girlfriend si Jacob bago naging official ang del Castillo-Monteverde engagement. Minsan naitatanong niya sa sarili kung palihim kayang nakikipagkita sa dating nobya si Jacob.

The hell she cared.

Naiintindihan niya ang kalagayan ng nobyo. Ewan ba niya kung dapat niyang ipagmalaki o dapat ikahiya na sa halos dalawang taong relasyon nila ni Jacob ay walang intimate moment na nangyari sa kanila.

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

Kapag may out of town trip ang nobyo ay sinasadya niyang huwag sumama, lalo na kung kasama nito ang mga kaibigan. Boys were typically naughty at kukunsintihin niya ito paminsan-minsan.

I'm not the jealous type of girlfriend anyway.

Nang marinig ang buzzer ay tumayo siya para buksan ang pinto. Walang sariling access si Jacob sa unit niya.

“Hi, good evening!” magiliw niyang salubong.

Yumukod si Jacob para kintalan ng halik si Cassie. “Evening is indeed good.”

Sa sulok lang ng bibig niya tumama ang halik nito. She could say that his kisses were somehow warm and affectionate. Pero walang passion. And she respected Jacob more for it.

“Nasaan ang ‘surprise’?”

Inakbayan siya ni Jacob at iginiya sa settee. Binuksan nito ang dalang laptop.

“Affiliated ka na ba sa *Empire Luxury Shipping Line*?”

“Last year pa. Bakit?” Bilang sa mga daliri kung ilang beses pa lang may nagpa-reserve ng ticket

sa shipping line na iyon. Paano ay sobrang mahal at kahit ang mga elite clients ng *VIP Pass* ay ayaw kagatin ang presyo ng offered cruise trips nito.

“Good. Gusto kong bantayan mo ang mega yacht nilang magto-tour sa Southeast Asia.”

“Iyon ba ang sorpresa mo sa akin?” dismayado niyang tanong. “Huwag mong sabihing sa yate na ’yon mo gustong i-spend ang honeymoon natin? Floating casino ’yon, Dear.”

“Alam ko.” Natatawa nitong pinisil ang tungki ng ilong niya. “Makinig ka muna. Magbubukas ako ng *PowerPoint* para sa ’yo.”

Sinabi sa kanya ni Jacob ang nabalitaan nito sa business community na ang mailap na Italian business tycoon na si Luciano Rossi ay interesadong mamuhunan sa Pilipinas. Galante umanong maging business partner ang nasabing negosyante. Ang kaso ay mabisyo, may polisiya ito na sa poker table lang gustong makipagnegosasyon at hindi rin ito naglalaro sa karaniwang casino kundi sa floating casino lang kung saan isa ito sa mga gambling lords.

“Ako’ng bahala sa yate na ’yan,” Nabuhayan siya ng loob sa ibinalita ng nobyo. “Ngayon pa lang, aalamin ko na ang whereabouts ng *Empress*

Alexandra. I'll make sure hindi tayo mauubusan ng cruise tickets, Jacob. Basta galingan mo, ha.”

“I will, Cassie. Dito nakasalalay ang kinabukasan at independence nating dalawa.”

Maingat nilang ipinagpatuloy ang pag-uusap sa detalye ng plano. Mahirap nang marinig pa ni Ate Maring. Loyalist pa naman ito ng mommy niya. Wala na rin siyang balak pang banggitin ito sa kanyang Ate Julia.

“Kapag hindi natuloy ang *ano* natin,” aniya na ang tinutukoy ay ang kasal. “Ililibre kita ng trip to Bahamas, for two. Okay na bang incentive ’yon?”

“Trip for two, ’tapos ikaw pa rin ang kasama ko? Never mind, young lady.”

“Ah, gan’on? Baliktarin na lang natin. Ako na lang i-treat mo. I want a Grecian Islands cruise.”

“Goodness, Cassandra, mamumulubi ako sa ’yo,” kunwa’y reklamo ni Jacob. “Ate Maring, pag-uwi mo mamaya pakisabi kay Tita ayoko nang pakasalan ang bunso nila. Masyadong maluho.”

Pinagtawanan nilang tatlo ang birong iyon. Lihim din niyang dalangin na sana ay si Jacob na mismo ang umurong sa kasal para safe na siya.

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

Pero tulad niya ay nakokonsensya rin itong talikuran ang obligasyon sa pamilya.

Napuno ng kagalakan ang puso ni Cassie, may munting bagay roon na umusbong—pag-asa. Senyales na rin kaya ito na dapat niyang ipagpatuloy ang binabalak at sundin ang idinidikta ng kanyang puso?

Was it finally time to show some guts?

2

Ang ipinagmamalaking cruise liner ng *Empire Luxury Shipping Line*, ang *Queen Margaret*, ay nakahinto ngayon sa Manila Port. Nakakatuwa na kasama na ngayon sa itinerary travel ng nasabing prestihiyosong cruise liner ang Pilipinas. Sa Jeju Island, Korea nagsimula ang cruise at iikot ito mula Xiamen, Hong Kong, Manila at hanggang Malaysia at Singapore.

Apat na taon nang nagtatrabaho si Ryland para sa *Empire*. Pero dalawang beses pa lang siyang na-assign sa *Queen Margaret* o *QM*. Dati ay sa cruise liner na rutang South America ang assignment niya. Karamihan ay Europeans ang deck officers ng *QM*.

“Enjoy your vacation!” sabi sa kanya ng Norwegian, ang captain ng barko.

“Thank you, Captain Dahl.” Kinamayan ito ni Ryland. “See you in Europe in three months’ time, Sir.”

“Bring your girlfriend and I’ll be more than happy to officiate your wedding.”

“I’ll take you up on that, Captain.”

Tumawa ito at matapos pormal na makapagpaalam ay excited na niyang tinungo ang sariling cabin para kuhanin ang bagahe.

Sa loob ng apat na taon ay umuuwi lang siya ng Pilipinas para mag-renew ng kanyang mga papeles, at hindi pa nagtatagal ay may line up na naman siya, sasakay na naman ng barko. Plano niyang magkaroon ng mahaba-habang bakasyon this time.

Hinintay lang niyang makababa ang lahat ng turista bago siya tuluyang umalis. Limang oras ipapasyal ang mga ito sa mga landmarks sa Manila bago muling sumakay sa barko at sa Boracay naman ang kasunod nilang stopover. Hindi na siya kasama roon, dumating na ang ka-relyebo niyang Second Mate at iyon na ang bahala. Tapos na siyang mag-turnover.

“Baka itali ka na ni Mrs. Hizon-to-be, ha, at hindi ka na ulit sumakay,” kanyaw ni Jomar, Third Mate.

Naghiyawan ang crew na nakarinig.

“Tingnan natin!”

“So, good luck, Brod.” Tumawag si Jomar ng bubuhat ng kanyang bagahe. “May privilege ka nang magsama ng special someone on board. Isama mo na si Misis pagbalik mo!”

“Hindi sasama ’yon, may seasickness,” aniya.
“Diyan na nga kayo. Bye!”

“Meron bang asawa ng marino na takot sa dagat?”

Kauna-unahang ginawa ni Ryland bago mamasyal at makipagkita sa mga kaibigan ay ang bumisita sa puntod ng namayapang ama. Doce siya nang pumanaw ito at mula noon ay napunta na siya sa pangangalaga ng abuela. Nang mamatay ang kanyang lola ay kinuha naman siya ng kanyang ina na mayroon nang bagong pamilya.

“Tay, kumusta?” Nakangiti niyang ipinatong sa puntod nito ang dalang sariwang bulaklak. “Opisyal na po ako sa barko. Sayang, ikaw sana ang kauna-unahan kong special guest on board...” Special privilege na bigay ng kumpanya ang makapagsama sila ng isang bisita sa paglalayag.

Karaniwan nang isinasama ng iba ang kani-kanilang asawa o girlfriend. Siya, kung buhay lang ang Tatay niya ay ito ang kanyang isasama para naman hindi lang ordinaryong bangkang pangisda ang masakyan nito.

Dahil sa ama niya kaya siya nagkaroon ng interes

sa karagatan. Noong bata pa si Ryland ay mayroon silang dalawang malaking bangkang pangisda sa Dingalan, Aurora. Tuwing bakasyon ay isinasama siya nito sa pangingsda na inaabot sila ng kung ilang araw sa gitna ng dagat. Pagsapit ng pasukan, babalik muli silang mag-ama sa Maynila at ang mga bangka ay maiiwan sa pamamahala ng kapatid nito.

Puwede naman siyang sa probinsya mag-aral pero ang gusto ng Tatay niya ay sa kilalang eskwelahan siya pumasok.

“Gusto kong mag-aral kang mabuti, Anak. Dapat magkaroon ka ng diplomang maipagmamalaki. Ewan ko ba kung kailan pa naging basehan ang diploma sa pagsukat ng pagkatao. Pero wala tayong magagawa, iyon ang kalakaran.” Malungkot siya nitong nginitian. *“Ayokong matulad ka sa akin, Ryland, kaya pinagsisikapan kitang igapang sa pag-aaral. Ipangako mo sa aking magtatapos kang may karangalan.”*

“Pangako po, Tay.”

“Ipangako mo rin sa akin na hindi ka lang basta magtatapos kundi gagamitin mo ang pinag-aralan mo para umunlad ang buhay mo... para hindi ka ikahiya ng babaeng mamahalin mo.”

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

Naaawa siya sa ama. Mula nang iwan sila ng kanyang ina ay naging malungkutin na ito. Maraming nag-uudyok dito na idemanda ang nanay niya pero hindi nito ginawa. Nagalit man ito sa pagtataksil ng asawa ay hindi naman tuluyang nawala ang pag-ibig na iniukol nito para sa minamahal na kabiyak.

Galing sa may-kayang pamilya ang nanay niya. Nang hindi na nito matiis ang kahirapan ay iniwan silang mag-ama. Anim na taon pa lang siya noon, pero tandang-tanda pa niya ang araw na iyon. Mula noon ay wala nang araw na hindi umiinom ng alak ang tatay niya. Natauhan lang ito nang payuhan ng abuela niyang kapag nagpatuloy sa ganoong gawain ay madadamay sa sinapit ang anak.

Ang totoo ay hindi naman sila masyadong hikahos sa buhay. Sapat ang kita ng mga bangka para sa pang-araw-araw nilang gastusin at nakakapagtabi pa nga sa bangko. Pero sadyang hindi sanay sa ganoong payak na pamumuhay sa probinsya ang nanay niya. Hinahanap-hanap ng katawan nito ang luhong kinalakhan sa siyudad.

Pakiramdam niya ay siyang muli ang batang Ryland na nakikipag-usap sa tatay niya.

“May maipagmamalaki na ako, ”Tay. Natupad na ang pangarap mo para sa akin. Alam mo bang pati si

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

Nanay tuwang-tuwa nang ma-promote ako, ang sarap sa pakiramdam. Pati sa mga kaibigan nila ng bago niyang asawa, ikinukuwento ang achievements ko. Pero hindi doon nagtatapos ang pangarap ko, nag-uumpisa pa lang, "Tay. Sisiguraduhin kong hindi na ako mamaliitin ng mga magiging in-laws ko."

"Look who's here!" anunsyo ng kaibigan ni Ryland na si Simon.

Natigil sa masaya at maingay na kuwentuhan ang lahat. Nakakatuwa na hanggang ngayon ay napanatili nila ang pagkakaibigan. Hindi man sila nagkikita-kita nang personal, sa tulong ng social media ay nagkakabalitaan pa rin sila. Tamang-tama ang dating niya dahil nag-uumpisa pa lang ang Saturday Night ng barkada.

"Whoa! Mr. *Naughty-cal!*" ani Bob nang makilala siya.

"Loko, ako ang pinaka-good boy na marino sa barko," ganting biro niya.

"Cheers, Brod!"

Napuno ng masayang batian at biruan ang kinaroroonan nilang bar. Parang pisikal na anyo

lamang ang nagbago sa kanila. Kung paano sila magkuwentuhan back in college ay ganoon pa rin hanggang ngayon.

May mga kababaihan rin doon. Ang iba ay pamilyar sa kanya ang mukha. May kaunting disappointment siyang naramdaman nang hindi makita ang babaeng inaasam niyang masilayan.

“Siguro kaya hindi ka nagpasabing darating, Ryland, ayaw mong manlibre,” biro ng isa.

“Hindi totoo ’yan,” tanggi niya. At bilang patunay ay malakas na sinabing, “The next round’s on me.”

“Teka,” sansala ni Bob. “Hindi kumpleto ang barkada ngayon. Mag-set tayo ng welcome party, parang reunion na rin. What do you think, guys?”

Hindi na nakatanggi si Ryland nang papangakuin siya ng barkada na dumalo sa pagtitipon. Who knows, baka sa nasabing reunion niya makaharap ang gusto niyang makita?

Dati-rati ay umuuwi si Cassie sa bahay nila tuwing weekend o kahit Linggo man lang. Pero ngayon ay mas pinili niyang magkulong sa condo. Pagka-send niya ng mensahe sa mommy niya na

hindi siya makakauwi ngayon ay ini-off na niya ang cell phone.

Sa totoo lang ay parang gusto niyang magtungo sa retreat center dahil naguguluhan na talaga siya sa buhay niya. Pero dahil time-consuming pa iyon, pagtitiyagaan na lang niya itong condo unit.

“I need temporary seclusion. I need to contemplate about what I really want,” aniya sa sarili.

Tumawag siya sa security sa ibaba at nagbilin na kung sakaling may maghanap sa kanya ay sabihing nasa out of town trip siya at bukas pa ang balik. Pagkatapos niyon ay nag-double lock si Cassie, ibinaba ang curtains at blinds at nagpatay ng mga ilaw.

“Perfect.” Relaxing nature sounds na lang ang kulang at parang totoo na siyang naka-vacation mode.

She sat on the bed na animo’y magyo-yoga pero nasa harap naman niya ang laptop at naka-connect pa siya sa Internet. Sa dami ng site na sabay-sabay niyang binuksan ay bumagal na ang connection.

Hindi na yata niya maaalis ang pagtatrabaho sa schedule niya. Maaaring sa darating na mga araw, *VIP Pass* na lang ang tangi niyang maipagmamalaki

kaya gagawin niya ang lahat para sa ikauunlad nito.

Website ng international events organizers, amusement parks at mga tour packages ang nakabukas.

“Gosh, *Queen Margaret* was here? Bakit hindi ko nalaman?” May panghihinayang niyang ipinitik ang daliri. “Sayang, hindi naman fully-booked. Nakakuha sana ako ng ticket kahit biyaheng Manila to Singapore lang.”

Wala siyang hilig mag-cruise, may gusto lang siyang makita kaya gusto niyang sumakay sa *QM*. May gusto siyang patunayan sa sarili. Bago man lang sila ikasal ni Jacob, kung makakaya niyang magpakasal, dapat malinaw ang lahat sa kanya.

I don't want to live with regrets forever.

Hanggang ngayon ay hindi siya matapus-tapos sa pagsisisi at panghihinayang sa inabandonang pag-ibig.

Nagkaroon naman siya ng panibagong relasyon pagkatapos noon. Ang kaso, naging point of reference na niya ang kanyang first love. Walang sinuman, not even Jacob, ang pumalit sa posisyong inokupa ni Ryland.

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

Ang sabi sa kanya ng Ate Julia niya noon, maaaring hindi pag-ibig ang nararamdaman niya kundi awa lang. Siguro raw ay napagkakamalan niyang pangungulila ang surot ng konsyensya.

That's why I have to see him in person.

Tuluyan na siyang humiga at tumitig sa kisame. Doon ay ang mukha ng dating nobyo ang nakikita niya.

Para ako mismo ang makasagot kung mahal ko pa ba siya o iniisip ko lang na mahal ko pa rin siya kaya hindi siya maalis dito.

Dinama ng palad niya pagtibok ng puso sa kanyang dibdib.

I feel so pathetic. Ano ba itong nararamdaman ko na ito?

Bago pa maiyak sa habag sa sarili ay muli siyang bumangon. Isinulat niya sa search field ng isang site ang salitang ginamit ng ate niya para mai-describe ang nararamdaman niya sa kasalukuyan at kung bakit nito nasabing delikado iyon.

“*Saudade...*” Maraming search results na lumabas. Napabuntong-hininga siya nang mabasa ang depinisyon ng salita: *The love that remains after*

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

someone is gone. Implicit in the emotion is the fact that it carries the knowledge that the object of affection will never return.

Kaya ba delikadong maramdaman iyon? Dahil tinatangay niyon ang lahat ng pag-asa na babalik pa ang hinahanap-hanap niya? Hindi na nga ba babalik si Ryland? O babalik ito pero hindi na maibabalik ang damdamin nito para sa kanya? Iyon ba ang takot at pangungulilang nararamdaman niya?

Nakipag-tie-up lang si Cassie sa *Empire Luxury Shipping Line* dahil iyon ang opisinang may hawak kay Ryland.

Hindi na ito muli pang nagpakita sa kanya mula nang maghiwalay sila kaya hindi na siya nagkaroon ng pagkakataon na itama ang kanyang pagkakamali at humingi ng tawad sa nagawa niyang kasalanan dito.

Kapag nagkita kaming muli at napatunayan kong pag-ibig talaga ang nararamdaman ko para sa kanya... ano'ng kasunod kong gagawin? Magmakaawa kay Ryland na maging kami na lang uli? Bahala na...

Masyado pang maaga para planuhin ang next step gayong hindi pa nga niya natitiyak ang tunay na nararamdaman at hindi rin niya alam kung

napatawad na siya ni Ryland.

Inabot niya ang bedside drawer at kinuha roon ang kanyang jewelry box, inisa-isa ang mga alahas hanggang sa makita ang isa sa mga pinakaiingatan niya.

“There you are...” Isinuot niya iyon sa palasinsingan at masusing pinagmasdan. “Fit ka pa rin sa daliri ko.”

Mumurahin lang ang singsing na iyon na may simpleng disenyo at pekeng diamante na nakatampok sa gitna. Pero para kay Cassie, mawala na ang lahat ng mamahaling alahas, huwag lang ang singsing na ito.

Hindi naman kasi ang monetary value ang pinahahalagahan niya kundi ang sentimental value. Mahalaga ang singsing sa kanya dahil pinahahalagahan niya ang nagbigay niyon at alam niya kung ano ang tiniis ng lalaki para mabili lang ang mumurahing regalo.

More importantly, it was given with love.

“Ryland, mas maganda ’to.” Itinuro niya ang silver ring na may solitary diamond sa gitna. “Parang totoong diamond, di ba?”

“Oo, pero masyadong simple. Mas gusto mo ba iyan kaysa dito?” Hawak ni Ryland ang isa pang silver ring na replica ng pamosong engagement ring ni Princess Diana. Sapphire ang tampok na hiyas niyon na may nakapaikot na brilyantitos.

Ang totoo ay mas gusto niya iyong sapphire kahit na nga ba replica lang iyon. Sino ba namang babae ang hindi nag-ilusyon na sana’y mapasa-ring finger niya ang singsing na heirloom na ng royal family sa ngayon? Pero nang makita niyang tatlong libo mahigit ang diperensya ng presyo nito sa solitary diamond ay napaisip si Cassie.

Kung sa sariling bulsa niya manggagaling ang pambili ay kakayanin niya. Si Ryland kasi ang nagprisintang bumili kahit hindi naman niya hiniling. Ayaw naman niyang tanggihan dahil baka ma-offend.

Nang binabayaran na ni Ryland ang singsing, pasimple niyang sinilip ang laman ng wallet nito. Halos masaid na ang laman niyon pero nakangiti pa rin ito nang magbayad sa kahera. Hindi na nila ipinabalot ang singsing. Agad na itong isinuot sa kanya ng nobyo pagkaabot ng sales rep. Pagkatapos ay niyaya siya nitong manood ng sine. Siya na sana ang magbabayad ng tickets pero inunahan na naman siya.

“Land, salamat dito.” Itinaas niya nang bahagya

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

ang kaliwang kamay. Sa tama ng liwanag na mula sa projector ay kuminang ang hiyas sa singsing. “I really love it.” Totoo sa puso niya ang sinabi. Parang lalo pa niyang minahal ang nobyo dahil sa effort nitong mabigyan siya ng regalo kahit alam niyang kapos ito sa budget.

“Salamat din dahil nagustuhan mo, Cassie. Hindi mo lang alam kung paano mo ako napasaya.” Hinuli nito ang kaliwang kamay niya at dinala sa tapat ng bibig para dampian ng halik. “I love you, Cassandra del Castillo.”

“Mahal din kita, Ryland.”

Humingi ng pahintulot si Ryland para mahalikan siya sa unang pagkakataon na malugod naman niyang pinaunlakan. *It wasn't her first kiss and she could say that it was incomparable. The sweetest kiss she'd ever had.*

Dama niya ang pagmamahal na nakapaloob sa masuyong paghalik nito. Iyong halik na hindi dulot ng kuryosidad at silakbo lamang ng damdamin. Iyon ang halik na may kalakip na pag-ibig.

Naalala niya ang nabasang trivia about kiss—that the first kiss between two people would indicate how the rest of their relationship would be.

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

She wanted their kiss to last a little longer, she wanted to be with him forever. Masyado pang maaga para sabihin pero sa ngayon ay iyon ang nararamdaman niya sa kaibuturan ng kanyang puso.

"I love you..." muling bulong ni Ryland sa kanya.

Umakbay ito at siya naman ay sumandig sa balikat ng nobyo. Pilit niyang iniintindi ang pinapanood nilang sci-fi movie pero wala roon ang konsentrasyon niya. Ang isip at atensyon niya ay okupado ng lalaking katabi. Masaya siyang naging nobyo si Ryland, ito ang una niyang pag-ibig.

May nauna na siyang boyfriends pero ang mga iyon ay sinagot niya dala ng curiosity at sulsol ng barkada. Ang relasyon niya ngayon kay Ryland ay espesyal dahil walang ibang nagpasya para sa kanya kundi ang sarili niya. Malayo ang kaibahan ng nobyo ni Cassie sa ibang manliligaw. Hindi ito mayabang na katulad ng mga anak-mayaman sa university na kanilang pinapasukan.

Mabait si Ryland at dito niya natutuhan ang humility. Mula nang maging nobyo niya ito ay nag-behave siya—hindi na siya nagka-cutting classes, bawas night life at kahit tawagin siyang killjoy ng barkada, iniwasan na rin niya ang yosi at alak.

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

*Hinaplos niya ang pisngi ng lalaking minamahal.
"Land, kiss me again."*

"Are you sure?"

Sa halip na sumagot ay hinawakan niya ito sa batok at masuyong hinila palapit sa kanya. "Show me how much you love me," hamon niya.

3

Nag-angat ng paningin mula sa computer monitor si Cassie nang sumungaw sa pintuan ng kanyang opisina ang sekretarya.

“Ma’am, Brena Joson daw po nasa line 2. I-connect ko po sa inyo ang call or...” Sinadya nitong ibitin ang pangungusap para sa kanya manggaling ang pasya kung tatanggapin ang tawag o hindi.

“I’ll take the call. Thanks, Gelyn,” aniya bago inangat sa cradle ang telephone receiver. Saan na naman kaya siya yayakagin ng kaibigan? Kung bakit naman kasi hindi ito makapag-shopping o makapunta sa spa nang mag-isa. “Yes, Brena, what’s up?” Pilit niyang pinasigla ang tinig.

“What’s up ka diyan,” tila nagtatampong sabi nito. “Ikaw kaya ang sumagot sa tanong mo. Gosh, Cassie, kahapon pa kita tinatawagan sa mobile phone mo, hindi kita makontak. What’s up, Girl?”

“Sorry, I misplaced my phone,” pagsisinungaling niya. Nakalimutan na niyang buhayin ang gadget mula nang i-off niya kahapon. “Out of town kasi ako kahapon. Ano ba ang meron at napatawag ka?”

“Party!” Biglang naging excited ang boses nito.

She rolled her eyes. *Na naman.* Dalawa na ang anak ni Brena ay hindi pa rin maawat sa pagpa-party. Mabuti at hindi ito inaaway ng asawa.

“Kailan?” walang gana niya tanong. Wala rin naman siyang balak mag-attend. Tinanong niya kung kailan para makapag-imbento siya ng alibi.

“Sa Sabado ng gabi para mas maraming maka-attend. Oy, walang pasok kinabukasan ’yon, ha, sama ka.”

“Of course. Para saan ang party?”

“Welcome party. Nga pala, hihingan kita ng contribution.”

“Sure,” mabilis niyang tugon. “Give me your account number, I’ll send it now via mobile banking.”

“Wow, ikaw na talaga, Cassandra. Ikaw na ang businesswoman, ikaw na ang busy,” natatawang saad ni Brena. Narinig rin niya ang mahinang tawanan sa background.

“May mga kasama ka?”

“I’m with our circle of friends, Cassie. Narinig nila ang pangako mong darating ka sa Sabado. May

isang nagko-comment dito. Halata daw na hindi ka interesadong pumunta. Kasi hindi mo man lang daw tinanong kung sino'ng iwe-welcome.”

Sari-saring boses ang kasunod niyang narinig. Kinakantyan siya ng mga kaibigan. Mukhang malaking event ang pinaplano ng mga ito.

“Sino bang VIP ang darating?” napilitan niyang tanong.

“Ex ninyo ni Erica. Ah, teka, marami nga pala kayong common ex's.” Muli'y nagtawanan ang barkada.

This time ay nahawa na si Cassie sa infectious laughter ng mga ito. During college days, habit na ni Erica Mondejar na saluhin o kung hindi man ay sulutin ang mga suitors niya. Pati nga si Jacob ay inaaligiran din nito ngayon.

“Naging kayo rin ba ni Ryland?”

Natigil siya sa pagtawa nang marinig ang binanggit na pangalan ni Brena. Mabuti na lang hindi siya nakikita ng mga kausap.

“Oo naman, naging boyfriend ko si Ryland. Siya ba ang darating?” puno ng antisipasyong tanong niya.

“Dumating na. Iwe-welcome na lang natin. I'll

count you in na, ha, and here's my account number..."

Matagal nang wala sa linya ang kausap ay hindi pa rin makahuma si Cassie.

This is it.

Ito na ang pagkakataong matagal na niyang hinihintay. Magkakaharap na silang muli ni Ryland.

Hindi kaya tadhana na ang nagtakda para mangyari ito? Siguro, dahil hindi na niya kinailangang magmukhang desperada na sumakay pa ng barko makita lang ang dating nobyo. Ang tadhana na ang naghahain sa kanya ng pagkakataon. Dapat niya itong samantalahin at dapat na paghandaan.

Pero natatakot akong magkita kami. Hindi ko alam kung paano ko siya babatiin, kung paano ako makikipag-usap... Should I be there or not?

Magkahalong takot at pananabik ang nararamdaman niya. Natutuwa siya para kay Ryland dahil natupad na nito ang pangarap. Alam niyang pinaghirapan iyon ng binata. Humble pa rin kaya ito hanggang ngayon? Paano kung sa paghaharap nilang muli ay galit pa rin ito at pamukhaan siya?

Karapatan niya iyon. Masasaktan ako kapag ginawa niya sa akin 'yon pero siguro mababawasan

man lang ang sakit na ibinigay ko sa kanya.

This could be my last chance. I should really go and see him. Di ba nga, kailangan kong i-check kung real o imaginary love na lang ang nararamdaman ko para kay kay Ryland?

Sinabi ni Ryland sa mga kaibigan na hindi na nila kailangang magkontribusyon para sa welcome party dahil willing siyang sagutin ang gastos. Hindi pumayag ang mga ito. Ang akala siguro ay siya pa rin ang dati nilang kabarkada na palaging walang laman ang bulsa.

“Guys, the busiest woman in our group will be joining the party!” anunsyo ni Brena kahit na malinaw na narinig ng mga kasamahan ang pakikipag-usap nito kay Cassie. “O, nasaan na ang checklist natin? Baka may nakalimutan pa tayong imbitahan.”

“Hindi kumpleto kapag wala si Erica. She deserves an invitation, too,” ani Bob.

“Kahit hindi ’yon sabihan basta mabalitaan lang niya, tiyak na darating iyon,” ani Lana.

Sa narinig ni Ryland na telephone conversation nina Brena at ni Cassie, nasorpresa siya na hindi

ipinagkaila ni Cassie na naging magkasintahan sila. Dati ay ingat na ingat silang may makaalam ng tungkol doon.

Ang alam ng barkada ay nanliligaw lang siya noon. At kapag may naghihinala sa closeness nila ay hindi nila kinukumpirma ang suspisyon ng mga ito.

“Ikaw, Ryland,” puna ni Brena sa pananahimik niya. “Anyone in particular na gusto mong imbitahan? Si Girlfriend hindi mo isasama?”

“Nasa malayo,” tugon niya. Kahit sabihin niyang wala siyang nobya ay hindi naman siya paniniwalaan ng mga ito.

“Ah, okay.” Napansin niya ang matiim na pagtitig sa kanya ng babae. “Matanong ko lang, Mr. Hizon, totoo ba ang sinabi ni Cassie kanina na naging kayo?”

Bago pa niya masagot ang tanong nito ay sumingit na si Lana.

“Ang tanda mo na, Brena, intrigera ka pa rin. Magbagong-buhay ka na nga. Balak mo pa yatang maging matchmaker.”

“Hindi, ah. Curious lang ako. Sa talas ng radar ko mula pa noon, bakit hindi ko natunugan na naging sila? Saka paano ko pang ima-match si Ryland kay

Cassie, eh, ikakasal na 'yung isa?"

Ngayon lang niya nalaman na ikakasal na ang dating nobya. Siguradong mayaman ang mapapangasawa nito dahil tiyak na hindi papayag ang mga magulang nito na mapunta sa hampaslupang tulad niya ang kanilang prinsesa.

Nakaramdam siya ng panghihinayang sa nabalitaan, ayaw lang niyang aminin sa sarili. Bakit ba siya nagsikap? Para kanino ba ang lahat ng pinaghihirapan niya?

Noong kararating niya ay proud na proud pa niyang ibinalita sa kanyang ama na successful na siya at mayroon na siyang maipagmamalaki. Pero bakit pag ang gagamitin na niyang panukat sa narating ay ang standard ni Cassie, parang wala pa rin siyang natamong tagumpay at hindi siya makapagmalaki?

Sa madaling salita, kapag ang dating nobya na ang sangkot sa usapin, nababawasan ang kanyang self-esteem.

Ryland Hizon, huwag mo nang lingunin ang masakit na alaala ng nakaraan. Derecho lang ang tingin, mas maganda ang pangako ng bukas. Hindi lang iisa ang babae, napakarami. Isa kang marino, dapat ay alam mo iyan.

Binisita ni Cassie ang work progress ng interior decorator na kinuha niya para mag-ayos sa opisina ni Jacob. Ilang araw pa lang pero thirty percent accomplished na sa task. Masipag kasi ang assistant ng interior decorator. Kahit babae ito ay hindi nangingiming umakyat sa hagdan at dingding kung kinakailangan.

“Are you sure you’re okay in there?” Diskumpyado niyang tiningala si Audrey na nakapuwesto sa itaas ng folding ladder.

“Don’t worry, kerì ’to.” Nag-thumbs up sign ito sa kanya at ipinagpatuloy na ang trabaho.

Minsan ay parang ibig niyang magselos kay Audrey. Paano hindi naman ito super sexy, slim siguro ang tamang salita, pero kung tingnan ni Jacob parang punung-puno ng pagnanasa. Ilang beses na niyang napapansing ibang-iba kung magtinginan ang dalawa. Sa tanang buhay niya ay hindi pa siya tiningnan ng ganoon ni Jacob. Pero siguro imahinasyon lang niya iyon. Gayunpaman, mas gugustuhin na niyang mapunta ito kay Audrey kaysa naman kay Erica.

“Hello, ladies!” bungad ni Jacob pagpasok sa opisina.

Ladies ka d'yan, sa isang lady ka lang nakatingin.

Nailing niyang sinalubong ang nobyo at hinalikan sa labi.

Katulad niya ay pinuna rin nito ang nakaakyat na dalaga at ang atensyon nito ay naagaw nang tuluyan ni Audrey. Kinapa niya ang sariling damdamin kung gusto ba niyang ugain ang hagdan para mahulog doon ang babae. She could honestly say na hindi niya gustong gawin iyon. Unang pagtatagpo pa lang ay magaan na ang loob niya rito at sa ilang araw nilang pagkakakilala ay parang kaibigan na niya ito.

Sinadya niyang sumingit sa masayang usapan ng mga ito nang sabihin ni Jacob na ayos lang kahit ma-delay ang pagtapos sa project dahil, at least, nadadalaw *niya* ang nobyo.

“As if you’re happy to see me around,” Cassie said, rolling her eyes. “Kaya nga dinadalangan ko ang pagbisita sa ’yo dahil napapansin kong napipilitan ka lang harapin ako kapag dumarating ako,” biro niya.

“Where did you get that idea, lady?” natatawang balik ni Jacob. “Of course, gusto kong laging nandito sa opisina ang fiancée ko. It’s my honor.”

“Mere words, Jacob. Show me you mean them.”

He did. He bowed a little to claim her lips.

“I believe you now,” ani Cassie na kusa nang pinaglayo ang magkahinang nilang mga labi. “Bakit parang ang sarap mong humalik ngayon? Parang may something.”

Natawa si Jacob. “Ang mga babae talaga, kahit ano’ng gawin ng mga lalaki bibigyan pa rin ng negatibong kahulugan mapatunayan lang na tama ang kanilang suspetsa.”

Lately, nasabi ni Cassie na parang hindi na siya masaya sa sitwasyon nila. Although they were both aware na kaya sila magpapakasal ay alang-alang sa obligasyon sa pamilya, pinipilit pa rin nilang maging makatotohanan at gawing masaya ang kanilang relasyon.

“Ang sabi ko *masarap*. Negative ba ’yon?” aniyang nakairap. “Oh, wait... gosh! Na-carried away ako.” Nilingon niya ang hagdanan. Nakahinga siya nang maluwag nang hindi makita roon ang dalaga. “Mabuti na lang wala si Audrey. Nakalimutan kong may possible audience nga pala tayo. Where’s she?” Nagkibit-balikat ang nobyo. “I’d better go, Jacob. Mag-o-orient pa ako ng mga bago kong empleyado.”

Inihatid siya nito hanggang sa elevator area.

“Jacob, remember my ex-boyfriend?” Nang makita

The Mariner's Sweetheart - Alexie Aragon

ang pangungunot ng noo nito na parang tinatanong kung sino sa *mga* naging ex niya ang tinutukoy ay binanggit ni Cassie ang pangalan. “Ryland Hizon.”

Si Ryland lang naman ang seryoso niyang nakarelasyon maliban kay Jacob.

“Ah, ’yung stepson ni Attorney Fernandez na mataas na raw ang posisyon sa barko. What about him?”

“He’s in the country... we prepared a welcome party for him. Sa Sabado.” Inaasahan niyang kahit paano ay mag-o-object si Jacob dahil ang Sabado ng gabi ay sadyang inilaan nila para sa kanilang dalawa.

“Go with your friends and enjoy the party. Parang reunion na rin ng barkada n’yo iyan. Lately, masyado ka nang subsob na negosyo kaya dapat lang na mag-unwind ka naman. Better, visit a spa bago dumating ang party para refreshed ang beauty mo sa araw na ’yon.”

Hindi na nga nagselos, pinintasan pa ako. Pero lihim siyang nagpasalamat sa suhestyon nito at susundin niya iyon.